# PAUNAWA NG MGA GAWAING NAUUKOL SA PAGKAPRIBADO NG TELECARE

Petsang Magkakabisa: 4/1/03

**ANG PAUNAWANG ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO ANG IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO AY MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT AT KUNG PAANO KA MABIBIGYAN NG DAAN SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING MAINGAT NA SURIIN ITO.**

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa paunawang ito, mangyaring pumunta sa iyong Taong Makakausap Tungkol sa Pagkapribado (Administrator) ng programa o makipag-ugnayan sa Privacy Officer sa Telecare sa (510) 337-7950.

## SINO ANG SUSUNOD SA PAUNAWANG ITO

Naiintindihan namin na ang impormasyon sa iyong kalusugan ay personal, at kami ay nakalaang pangalagaan ang impormasyong ito. Gumagawa kami ng talaan ng pangangalaga at mga serbisyong natanggap mo habang nasa Telecare. Kailangan namin ang talaang ito upang magkaloob sa iyo ng mahusay na pangangalaga at upang sundin ang mga partikular na iniaatas ng batas.

Ang paunawang ito ay naglalarawan ng mga gawaing nauukol sa pagkapribado ng Telecare at angkop sa lahat ng tala ng pangangalaga sa iyo na ginawa sa Telecare, ang mga ito man ay ginawa ng mga tauhan ng Telecare, o ng mga manggagamot at/o mga kasangguni. Ang paunawang ito ay susundin ng sinumang indibidwal na inautorisang magpasok ng impormasyon sa iyong talaang pangklinika at sinumang maaaring gumamit o magsiwalat ng Pinangangalagaang Impormasyong Pangkalusugan.

Ang paunawang ito ay nagpapaliwanag ng mga paraan kung saan ang Telecare ay maaaring gumamit at magsiwalat ng impormasyon sa kalusugan. Ito ay naglalarawan din ng iyong mga karapatan at mga obligasyon ng Telecare tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng impormasyon sa kalusugan. Sa aming mga obligasyon ay kabilang ang mga sumusunod:

- Titiyakin namin na ang impormasyon sa kalusugan na tumutukoy sa iyo ay pamamalagiing pribado (na may mga partikular na ipinahihintulot na eksepsiyon);
- Ibibigay namin sa iyo itong paunawa ng aming mga gawaing nauukol sa pagkapribado;
- Susundin namin ang mga takda ng paunawa na kasalukuyang may-bisa.

## PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG IMPORMASYON SA IYONG KALUSUGAN

Ang Telecare ay sumusunod sa lahat ng angkop na batas ukol sa pagiging kompidensiyal. Walang impormasyon sa iyong kalusugan na ipalalabas nang walang nakasulat na pahintulot mo, maliban kung ito ay ipinahihintulot ng batas sa mga sumusunod na paraan:

### Para sa Paggamot

Maaari naming gamitin ang impormasyon sa kalusugan upang magkaloob ng paggamot o serbisyo sa iyo. Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa ibang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan at mga tauhan na kalahok sa pangangalaga at paggamot sa iyo. Ang impormasyong ito ay gagamitin upang planuhin ang paggamot sa iyo. Ito ay gagamitin din upang idokumento ang progreso, mga naganap, planong pangangalaga, obserbasyon, at pagsusuri ng pangangalaga at paggamot. Ang impormasyon sa kalusugan ay maaaring ipagkaloob sa mga kasangguni, mga serbisyong pagsusuri, o ibang mga tagapagkaloob ng pangangalaga kung lumipat ka sa ibang programa.

### Para sa Pagbabayad

Maaari kaming gumamit at magsiwalat ng impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo upang ang paggamot at mga serbisyong tinatanggap mo ay masingil ng ikatlong partido tulad ng Medicare, Medicaid (MediCal), Health Maintenance Organizations (HMOs), County/Awtoridad/Mga Pampublikong Ahensiya, Mga Kompanya ng Seguro, o sa iyo at sa iba na maaaring may pananagutan sa pagbabayad ng pangangalaga sa iyo. May mga impormasyon na maaaring ipagkaloob sa nagbabayad na tumutukoy sa iyong impormasyong demograpiko, pagsusuri, at anumang karagdagang impormasyon na kailangan upang suportahan ang pagsingil.

### Para sa Pagsasagawa ng Pangangalagang Pangkalusugan

Maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon sa kalusugan para sa mga pagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga paggamit at pagsisiwalat na ito ay kailangan upang matiyak na ang lahat ng kliyente ay tumatanggap ng mahusay na pangangalaga. Halimbawa, maaari naming gamitin ang impormasyon sa kalusugan para sa tiyak na pagtiyak ng kalidad, mga pulong ng komite, mga pagsusuri sa lugar, pag-uulat ng insidente, at impormasyon ng kalakaran para sa paggamit ng programa at pangkorporasyon. Ang impormasyong ginagamit sa mga layuning ito ay maaaring kabilang ang impormasyon sa iyong kalusugan, o ito ay maaaring “alisan ng pagkakilanlan” upang ang mahahahagang impormasyong pang-estadisika ay maisama, pero ito ay hindi maaaring maiugnay sa iyo.

### Pananaliksik

Sa ilalim ng mga partikular na pangyayari, maaari naming gamitin at isiwalat ang impormasyon sa iyong kalusugan para sa pananaliksik. Ang pananaliksik ay impormasyon tungkol sa isang grupo ng mga tao na tinitipon para sa pagpapabuti ng paggamot ng mga kondisyon. Halimbawa, ang isang proyektong pananaliksik ay maaaring ukol sa

paghahambing ng kalusugan at paggaling ng lahat ng kliyenteng tumanggap ng isang gamot sa mga tumanggap ng iba, para sa katulad na kondisyon. Lahat ng proyektong pananaliksik, gayunman, ay napapailaim sa natatanging paraan ng pag-aproba. Ang paraang ito ay sumusuri ng isang iminungkahing proyektong pananaliksik at sa paggamit nito ng impormasyon sa kalusugan, sinisikap na balansehin ang mga pangangailangan ng pananaliksik sa pangangailangan ng kliyente na pamalagiing pribado ang impormasyon sa kanilang kalusugan. Bago namin gamitin o isiwalat ang impormasyon sa kalusugan para sa pananaliksik, ang proyekto ay dapat na naaprobahan na sa pamamagitan nitong paraan ng pag-aproba ng pananaliksik. Gayunman, maaari naming isiwalat ang impormasyon sa iyong kalusugan sa mga taong naghahanda ng proyektong pananaliksik, halimbawa, upang tulungan silang maghanap ng mga kliyente na may mga tiyak na pangangailangang medikal sa kondisyong ang impormasyong medikal na sinusuri nila ay hindi lalabas ng programa. Halos lagi naming hihingin ang iyong pahintulot kung ang isang mananaliksik ay magkakaroon ng daan sa iyong pangalan, direksiyon o ibang impormasyon na naghahantad kung sino ka, o lalahok sa pangangalaga sa iyo sa programa.

**Kompensasyon ng Mga Manggagawa**

Maaari naming ilabas ang impormasyon sa iyong kalusugan para sa kompensasyon ng mga manggagawa o katulad na programa. Ang mga programang ito ay nagkakaloob ng mga benepisyo para sa mga pinsala o karamdaman na may kaugnayan sa trabaho.

**Mga Panganib sa Pampublikong Kalusugan at Kaligtasan**

Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa kalusugan para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, tulad ng: upang pigilan o kontrolin ang sakit, pinsala o kapansanan; iulat ang mga pagsilang at kamatayan; iulat ang pang-aabuso o kapabayaan ng mga bata, mga nakatatanda at mga nakadependeng may sapat na gulang; iulat ang mga reaksiyon sa mga gamot o problema sa mga produkto; pasabihan ang mga tao ng mga pagbawi ng mga produkto; pasabihan ang isang tao na maaaring nahantad sa isang sakit o maaaring nanganganib na mahawa o maghawa ng sakit o kondisyon; pasabihan ang angkop na awtoridad ng pamahalaan kung naniniwala kami na ang isang kliyente ay biktima ng pang-aabuso, kapabayaan o karahasan sa tahanan. Gagawa lamang kami ng pagsisiwalat na ito kung ikaw ay sumasang-ayon o kapag kinakailangan o inaautorisa ng batas.

**Gaya ng Iniaatas ng Batas, Kagipitan/Kapahamakan, at Pagpapatupad ng Batas**

Maaari naming ilabas ang impormasyon sa kalusugan sa mga sumusunod na kalagayan:

- sa mga ahensiyang nangangasiwa ng kalusugan para sa mga aktibidad na inaautorisa ng batas, kabilang ang mga survey ng estado, mga ahensiyang pederal at ibang tagasuri, gayon din sa mga pagtutuos ng kuwenta, imbestigasyon, pagsisiyasat, at paglilisensiya;
- bilang tugon sa utos ng hukuman, subpoena, warrant, tawag o mga katulad na paraan;
- upang makilala o matagpuan ang isang pinaghihinalaan, takas, mahalagang testigo, o nawawalang tao;

- sa mga kagipitang nauukol sa krimen;
- upang tumulong sa isang kagipitan o kapahamakan;
- sa isang entidad na tumutulong sa isang kapamahakan upang ang iyong pamilya ay mapasabihan tungkol sa iyong kondisyon, katayuan at kinalalagyan;
- upang autorisahan ang mga pederal na opisyal para sa pagkuha ng kaalaman, pangontrang kaalaman, at ibang aktibidad para sa pambansang seguridad na inaautorisa ng batas;
- sa mga inautorisang pederal na opisyal upang sila ay makapagbigay ng pangangalaga sa Presidente, ibang mga inautorisang tao o mga lider ng ibang bansa o magsagawa ng mga natatanging imbestigasyon;
- kapag inaatas ng gawin ito ng pederal, pang-estado o lokal na batas.

### Mga Direktor ng Paglilibing at mga Opisina ng Coroner

Kung kailangan, maaari naming isiwalat ang impormasyon sa kalusugan sa mga direktor sa paglilibing at mga opisina ng coroner na kaayon ng mga angkop na batas gaya ng iniaatas sa kanila upang isakatuparan ang kanilang mga tungkulin.

### Hurisdiksiyon ng Pagwawasto

Kung ikaw ay nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng Pagwawasto, maaari naming isiwalat ang impormasyon sa kalusugan hanggang sa ipinahihintulot ng batas. Ang impormasyong ito ay kailangan (1) para makapagkaloob ang institusyon ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo; (2) upang ipagsanggalang ang iyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng ibang mga tao; o (3) para sa kaligtasan at seguridad ng institusyon ng pagwawasto.

## ANG IYONG MGA KARAPATANG NAUUKOL SA IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatang nauukol sa impormasyon sa kalusugan na iniingatan namin tungkol sa iyo:

### Karapatang Magsiyasat at Kumopya

Ikaw ay may karapatang magsiyasat at kumopya ng impormasyong ginagamit upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa paggamot sa iyo.

Upang magsiyasat at kumopya ng impormasyon sa iyong kalusugan, dapat kang magharap ng nakasulat na kahilingan sa Taong Makakausap Tungkol sa Pagkapribado sa iyong programa (Administrator) o sa Privacy Officer sa Telecare Corporation.

Sa mga partikular na pagkakataon, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan upang magsiyasat at kumopya. Kung ikaw ay hindi binigyan ng daan sa impormasyon sa kalusugan, maaari mong hilingin na suriin ang pagtanggi. Ang resulta ng pagsusuri ay ipagkakaloob sa iyo.

**Karapatang Magbago**

Ikaw ay may karapatang humiling ng pagbabago kung sa palagay mo ay mali o hindi kumpleto ang impormasyon sa iyong kalusugan.

Ang iyong kahilingan para sa pagbabago ay dapat gawin nang nakasulat at iharap sa Taong Makakausap Tungkol sa Pagkapribado sa iyong programa (Administrator) o sa Privacy Officer sa Telecare Corporation. Bilang karagdagan, dapat kang magbigay ng dahilan na sumusuporta sa iyong kahilingan.

Ang iyong kahilingan ay maaaring tanggihan kung ito ay hindi kumpleto o hindi nakasulat. Ito ay maaari ring tanggihan kung ang impormasyong gusto mong baguhin ay a) hindi ginawa ng Telecare (maliban kung ang tao o organisasyong gumawa ng impormasyon ay wala na upang gumawa ng pagbabago), b) ay hindi bahagi ng impormasyon sa kalusugan na iniingatan ng Telecare, c) ay hindi bahagi ng impormasyon na ikaw ay pinahihintulutang siyasatin at kopyahin; o d) ang impormasyon sa talaan ay tama na at kumpleto.

Kahit na tinanggihan namin ang iyong kahilingan para sa pagbabago, ikaw ay may karapatang magharap ng isang nakasulat na karagdagan, hindi lalampas sa 250 salita, tungkol sa anumang bagay o pahayag sa iyong talaan na sa palagay mo ay hindi kumpleto o hindi tama. Kung malinaw mong isinulat na gusto mo na ang karagdagan ay maging bahagi ng iyong talaan ng kalusugan, ilalakip namin ito sa iyong talaan at isasama tuwing gagawa kami ng pagsisiwalat ng bagay o pahayag na pinaniniwalaan mong hindi kumpleto o hindi tama.

**Karapatan sa Pagkuwenta ng mga Pagsisiwalat**

Ikaw ay may karapatang humiling ng "pagkuwenta ng mga pagsisiwalat." Ito ay isang listahan ng mga pagsisiwalat na ginawa ng Telecare ng impormasyon sa iyong kalusugan na iba sa paggamot, pagbabayad at mga pagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan. Upang humiling ng pagkuwenta ng mga pagsisiwalat, dapat kang magharap ng nakasulat na kahilingan sa taong makakausap tungkol sa pagkapribado sa iyong programa (Administrator) o sa Privacy Officer sa Telecare Corporation. Ang iyong kahilingan ay dapat magsaad ng takdang panahon, na hindi maaaring lumampas sa anim na taon at hindi maaaring magsama ng mga petsa bago ang ika-14 ng Abril, 2003. Ang iyong kahilingan ay dapat magpabatid kung sa anong anyo gusto mo ng listahan (halimbawa, sa papel o sa paraang elektroniko). Ang unang listahan na hiniling mo sa loob ng 12 buwan ay walang-bayad. Maaaring may singil para sa mga karagdagang listahan.

**Karapatang Humiling ng Takda**

Ikaw ay may karapatang humiling ng takda o limitasyon sa impormasyon sa iyong kalusugan na ginagamit o isinisiwalat namin para sa paggamot sa iyo, pagbabayad o mga pagsasagawa ng pangangalagang pangkalusugan. Ikaw ay may karapatan ding humiling ng isang limitasyon sa impormasyon sa kalusugan na isinisiwalat namin sa isang taong kalahok sa pangangalaga sa iyo o sa pagbabayad ng pangangalaga sa iyo, tulad ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan.

*Kami ay hindi inaatasan na sumang-ayon sa iyong kahilingan.* Kung sumasang-ayon kami, susunod kami maliban kung ang impormasyon ay dapat gamitin upang magkaloob sa iyo ng pagkagipitang paggamot.

Upang humiling ng mga takda, dapat kang magharap ng nakasulat na kahilingan sa taong makakausap tungkol sa pagkapribado sa iyong programa (Administrator) o sa Privacy Officer sa Telecare Corporation. Sa iyong kahilingan, dapat mong sabihin sa amin (1) kung anong impormasyon ang gusto mong limitahan; (2) kung gusto mong limitahan ang aming paggamit, pagsisiwalat o pareho; at (3) kung kanino mo gustong iukol ang mga limitasyon, halimbawa, pagsisiwalat sa iyong asawa.

**Karapatang Humiling ng mga Kompidensiyal na Komunikasyon**

Ikaw ay may karapatang humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa mga bagay na pangkalusugan sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lugar. Halimbawa, maaari mong hingin na makipag-ugnayan lamang kami sa iyo sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo. Hindi namin itatanong ang dahilan ng iyong kahilingan. Pagbibigyan namin ang lahat ng makatwirang kahilingan. Dapat mong gawin ang nakasulat na kahilingan sa taong makakausap tungkol sa pagkapribado sa iyong programa (Administrator) o sa Privacy Officer sa Telecare Corporation. Sa iyong kahilingan, dapat mong tukuyin kung paano at saan mo gustong tawagan o makipag-ugnayan.

**Karapatan sa isang Papel na Kopya ng Paunawang Ito**

Ikaw ay may karapatan sa isang papel na kopya ng paunawang ito at maaaring hilingin ito anumang oras.
Kahit na sumang-ayon kang tanggapin ang paunawang ito sa paraang elektroniko, ikaw ay karapat-dapat sa isang papel na kopya ng paunawang ito.

Maaari kang kumuha ng kopya ng paunawang ito sa aming website: www.telecarecorp.com

Upang kumuha ng papel na kopya ng paunawang ito: makipag-ugnayan sa privacy person sa iyong programa (Administrator) o sa Privacy Officer sa Telecare Corporation.

**MGA PAGBABAGO SA PAUNAWANG ITO**

Pinamamalagi namin ang karapatang baguhin ang paunawang ito. Pinamamalagi namin ang karapatang gawin ang binagong paunawa na may-bisa para sa pangkasalukuyan at panghinaharap na impormasyon sa kalusugan. Maglalagay kami ng kopya ng kasalukuyang paunawa at isasama ang petsa ng pagkakabisa sa tuktok ng kanang sulok. Mag-aalay kami sa iyo ng isang kopya ng kasalukuyang paunawa tuwing nagpaparehistro ka o tinanggap sa isang Programa ng Telecare.

## MGA REKLAMO

Kung naniniwala ka na ang iyong mga karapatang nauukol sa pagkapribado ay nilabag, maaari kang magsampa ng reklamo sa Telecare o sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pangtao. Upang magharap ng reklamo sa Telecare, makipag-ugnayan sa taong makakausap tungkol sa pagkapribado sa iyong programa (Administrator) o sa Privacy Officer sa Telecare Corporation sa 510-337-7950. Lahat ng reklamo ay dapat na iharap na nakasulat.

**Ikaw ay hindi parurusahan dahil sa pagsasampa ng reklamo.**

## IBANG MGA PAGGAMIT NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Kung ang Telecare ay dapat gumamit o magsiwalat ng impormasyon sa kalusugan sa isang paraan na hindi nasakop ng Paunawang ito, hihiling kami at susunod sa iyong nakasulat na pahintulot. Maaari mong pawalang-saysay ang pahintulot na iyon, nang nakasulat, anumang oras. Kung pinawalang-saysay mo ang iyong pahintulot, ito ay magpapatigil sa anumang higit na paggamit ng impormasyon sa iyong kalusugan na sakop ng nakasulat na pahintulot. Naiintindihan mo na hindi na namin mababawi ang anumang pagsisiwalat na nagawa na namin nang may pahintulot mo, at kami ay inaatasan na mag-ingat ng mga tala ng mga pangangalagang ipinagkaloob namin sa iyo.